# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ________________________ Antas/ Baitang: ____________ Puntos: __________
Paaralan: _____________________ District / Cluster: ___________ Division: _____________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 5-6** **Quarter: 3**

- Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi sa paggawa, nagtitipid at pinamamahalaan ang impok.
- Napapatunayan na ang kasipagan na nakatuon sa disiplinado at produktibong gawain na naaayon sa itinakdang mithiin ang kailangan upang umunlad ang sariling pagkatao, kapwa, lipunan at bansa at ang mga hirap, pagod at pagdurusa ay madaraig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Nakapagsusuri ng mga sitwasyon na nagpapakita ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid, at wastong pamamahala sa naimpok;
2. Napapatunayan na:

   a. Ang kasipagan na nakatuon sa disiplinado at produktibong gawain na naaayon sa itinakdang mithiin ay kailangan upang umunlad ang sariling pagkatao, kapuwa, lipunan, at bansa;

   b. Ang mga hirap, pagod at pagdurusa ay nadadaig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin; at
3. Nakagagawa ng Chart ng pagsunod sa hakbnag upang matupad ang itinakdang gawain ng may kasipagan at pagpupunyagi.

## Panimula

**Basahin ang tula:**

Marami ang nagtuturing mahirap daw itong buhay,
Araw-araw ay paggawang tila din walang humpay;
Datapuwat isang pantas ang nagbadya at nagsaysay;
"Tagumpay ay nakakamit kapag tao ay masikhay."

Ang sandali'y mahalaga hindi dapat na sayangin,
Kasipaga'y isagawa at itanim sa damdamin;
Kapag ito'y inugali walang liwag na kakamtin
Ang ginhawang inaasam at bungkos na pangarapin.

Hindi dapat na mahiya itong palad ay kumapal
Kung Gawain ay mabuti at hangarin ay marangal;
Pagsisikap na may tiyaga, kasipagan ang kakambal
Ay sandatang pananggalang… pamuksa sa kahirapan.

Paalala't pagunita sa diwa mo, kabataan…
Sa tuwina'y isaisip, sana'y laging tandaan:
"Kasipaga'y ugaliin at gawin mong pamantayan
Upang kamtin ang masaya at magandang kapalaran."

*Sources: Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral 9 (pahina 169)*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**:

Panuto: Buuin ang mga letra upang makabuo ng salitang mababasa sa tula.

1. (paihram) ___________ ito ay isang estado ng buhay na walang kakayahang mabili ang mga pangangailangan. Kapus-palad walang pera o salat sa yaman *(brainly.ph)*
2. (payuhm) *noun* _________ paghinto, paghinto, hinto, lubag *(wordhippo.com)*
3. (yahkisam) *adjective* ___________ matiyaga, masigasig, mapagsumikap, masipag
4. (gapsi) *noun* ___________ pursige, sikap, sikasig, pagsisikap *(wordhippo.com)*
5. (naralapka) *noun* ___________ tadhana, destinasyon, palad, destino *(worhippo.com)*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang iyong naging kaisipan matapos mong mabasa ang tula?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Paano binigyang kahulugan ang salitang kasipagan sa tula?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

3. Sa iyong palagay,ano ang nais ipahiwatig na mensahe ng tula?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## Pagpapaunlad

Ang kasipagan ay tumutukoy sa pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain o tapusin ang isang Gawain na mayroong kalidad. Ito ay tumutulong sa tao na malinang ang iba pang mabubuting katangian tulad ng tiwala sa sarili, mahabang pasensya, katapatan, integridad, disiplina, at kahusayan na kung saan malaki ang maitutulong nito sa tao sa kanyang relasyon sa kanyang gawain, sa kaniyang kapwa, at sa kaniyang lipunan. Ito rin ang tumutulong sa isang tao upang mapaunlad niya ang kaniyang pagkatao.

Mga ilang palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan.

1. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.
2. Ginagawa ang gawain nang may pagmamahal.
3. Hindi umiiwas sa anumang gawain.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:**

Magbigay ng limang (5) kilalang personalidad o maging sa inyong pamayanan na kilala ninyo at hinahangaan ninyo na nagsimula sa hirap at nagbago dahil sa sipag at tiyaga.

Pangalan: ______________________________________________

Trabaho: ______________________________________________

Katayuan sa buhay: _____________________________________

Noon ________________________________________________

Ngayon ______________________________________________

Ang kabaligtaran ng kasipagan ay KATAMARAN. Ito ay hindi natin dapat taglayin sapagkat ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay, o trabaho. Ang katamaran ang pumipigil o humahadlang sa tao upang siya ay magtagumpay. Ang isang taong tamad ay ayaw tumanggap ng gawain. Hindi pa niya ito nasisimulan ay umaayaw na siya. Palagi niyang nararamdaman ang kapaguran, kadalasan hindi niya natatapos ng maayos ang isang gawain.

## RUBDOB (Pakikipagpalihan)

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**
Panuto: Pagnilayan natin ang isang awit ng Orient Pearl na pinamagatang “Pagsubok”.

Isip mo’y litong lito
Sa mga panahong nais mong maaliw
Bakit ba bumabalakid
Ay ang iyong mundong ginagalawan
Ang buhay ay sadyang ganyan
Sulirani’y di mapigilan
Itanim mo lang sa’yong puso
Kaya mo yan…

*Chorus*:
Pagkabigo’t alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang ‘yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko …at ‘yong labanan

Huwag mong isiping ikaw lamang
Ang may madilim na kapalaran
Ika’y hindi tatalikuran
Ng atig Ama na Siyang lumikha
Hinid lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lng ikaw ang lumuluha
Pasakit mo’y may katapusan
Kaya mo ‘yan…

*Chorus*:
Hindi lang ikaw nagdurusa
Ay hindi lang ikaw ang lumuluha
Pasakit mo’y may katapusan
Kaya mo ‘yan…
Pagkabigo’t alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mag pagsubok lamang ‘yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko…at ‘yong labanan
Huwag mong isuko… at “yong labanan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:**

1. Maaari bang maibigay mo ang mensahe ng awitin ?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Sang- ayon ka ba rito? Ipsliwanag ang iyong kasagutasn.

______________________________________________________________________

_________________________________________________________________

# Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:**

May isang ina na sa tuwing papaubos na ang kanilang toothpaste ay pinipiga pa niya ito ng husto, sa tuwing pupunta siya sa palengke ay sinisiguro niya na umaalis ng maaga at naglalakad lamang imbes na sumakay ng tricycle. Ayon sa kanya mahalaga ang pagtitipid at itinatabi niya ang pamasahe niya upang pagdating ng pangangailangan ay makatutulong.

1. Ano ang ibig sabihin ng pagtitipid?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Bakit mahalaga ang pagtitipid?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ang sipag at pagtitipid ba ay magkaugnay? Ipaliwanag

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

| |
|---|
| |

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

______________________________________________________________

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Link / References:**

Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul Para sa Mag-aaral 9